# Sistema ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Sekundaryang Paaralan 2022/2024
# (Para sa Admisyon sa Sekondarya 1 sa Setyembre 2024)
# Mga Madalas na Katanungan

## Pangkalahatan

**(1) T Ano ang Sistema ng Alokasyon ng Mga Lugar ng Paaralang Pang- Sekondarya (Secondary School Places Allocation o SSPA) ?**

S Ang mga karapat-dapat na mag-aaral ng Primarya 6 (P6) ay maaaring makakuha ng lugar na pampublikong sektor na Secondarya 1 (S1) sa pamamagiran ng pakikilahok sa Sistema ng SSPA. Ang Sistema ng SSPA ay nakahati sa dalawang mga yugto: Mga Lugar ng Pagpapasya (Discretionary Places o DP) at Sentral na Alokasyon (Central Allocation o CA).

Para sa panahon ng DP, ang mag mag-aaral ay maaaring mag-aplat sa hindi hihigit sa dalawang paaralang pang-sekondarya na nakikilahok sa SSPA sa anumang direktang mga distrito. Ang mga paaralan ay maaaring magreserba ng hindi hihigit sa 30% ng kanilang S1na mga lugar bilang DP at tumanggap ng mga mag-aaral ayon sa kanilang pilosopiyang pang-edukasyon at mga katangian.

Sa yugto ng CA, ang kompyuer ay naglalaan ng mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral na nakikilahok sa SSPA ayon sa kanilang band ng alokasyon, piniling mga paaralan ng magulang at walang pinipiling numero.

Ang mga matagumpay na DP na mga aplikante ay hindi paglalaanan ng lugar sa CA. Ang opisyal na mga resulta ng DP at CA ay ilalabas nang magkasabay sa Hulyo 2024. Para sa mga detalye ng Sistema ng SSPA, ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa polyeto ng impormasyon at ang video tungkol sa Sistema ng SSPA.

## Mga Paaralang Feeder at Paaralang Nominado

**(2) T Ano ang mga kaayusan sa admisyon ng S1 para sa isang P6 na mag-aaral na nag-aaral sa isang paaralang feeder/nominado?**

S Sa pangkalahatan, matapos ang pagbawas ng mga lugar ng paaralan para sa paulit-ulit na mga mag-aaral at DP, ang isang feeder na paaralang pang-sekondarya ay kailangang magreserba ng 85% ng natitirang mga lugar para sa feeder na (mga) paaralang primarya nito, at ang isang nominadong paaralang pang-sekondarya na 25% ng natitirang mga lugar para sa nominadong (mga) paaralang primarya nito sa yugto ng CA. Ang isang P6 na mag-aaral ng isang paaralang feeder/nominado ay karapat-dapat para sa isang nakareserbang lugar kung siya ay nasa Net na Band 1 o 2 at pinili ang feeder/nominadong mga paaralang pang-sekondarya bilang kanyang unang pagpipili sa Bahagi B na “Limitadong mga Pagpili ng Paaralan”. Kung ang naka-link na paaralang pang-sekondarya ay tumatanggap ng Net na Band 3 na mga mag-aaral, ang mga mag-aaral sa lahat ng 3 mga band ay magiging karapat-dapat. Ang mga magulang ay maaaring magtanong sa feeder/nominadong (mga) paaralang pang-sekondarya nang direkta.

Kung ang bilang ng karapat-dapat na mga mag-aaral ay lumampas sa bilang ng nakareserbang mga lugar, ang pagkakasunud-sunod ng prayoridad para sa alokasyon

ay ibabatay sa Net na Band ng mga mag-aaral at walang pinipiling numero hanggang sa mapunan ang lahat ng nakareserbang mga lugar. Sa kabilang banda, lahat ng hindi nagamit na nakareserbang mga lugar, kung mayroon man, ay awtomatikong gagamitin bilang bukas na mga lugar para sa alokasyon.

Kung ang isang P6 na mag-aaral ng isang feeder o nominadong paaralan ay naaprubahan para sa cross-net na alokasyon, hindi siya magiging karapat-dapat para sa isang nakareserbang lugar ng feeder o nominadong (mga) paaralang pang-sekondarya.

**(3) T Paano malalaman ng mga magulang kung ang paaralang primarya ng kanilang mga anak ay may feeder/nominadong (mga) paaralang pang-sekondarya?**

S Maaaring makuha ng mga magulang ang kaugnay na impormasyon mula sa Profile ng Paaralang Primarya (Profile) na inilalathala sa Setyembre ng bawat taon. Ang feeder/nominadong (mga) paaralang pang-sekondarya ng isang paaralang primarya say ililista sa Profile. Ang mga magulang ay maaari ding makipag-ugnayan sa paaralang primarya nang direkta para sa impormasyon.

**(4) T Para sa isang P6 na mag-aaral na karapat-dapat na mailaan sa kanyang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya, kailangan ba niyang ilagay ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang isa sa kanyang mga pagpili sa parehong Bahagi A "Walang limitasyong mga Pagpili ng Paaralan" at Bahagi B "Limitadong mga Pagpili ng Paaralan"?**

S Sa yugto ng CA, ang nakareserbang mga lugar para sa mga feeder/nominadong mga paaralan ay naaangkop lamang sa ay naaangkop lamang sa Bahagi B "Limitadong mga Pagpili ng Paaralan". Dapat isama ng mga magulang ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang unang pinili sa Bahagi B. Gayunman, kung isasama ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya sa Bahagi A ay sa sariling pagpapasya ng magulang.

**(5) T Ang karapat-dapat na mga mag-aaral ng isang feeder/nominadong paaralang primarya ay hindi ba mailalaan sa kanilang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya?**

S Ang may kinalamang mga mag-aaral ay karapat-dapat para sa isang nakareserbang lugar sa kanilang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya kung sila ay nasa Net ng Band 1 o 2 lamang at pinili ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang kanilang unang piniling paaralan sa Bahagi B "Limitadong mga Pagpili ng Paaralan" ng CA. Kung ang bilang ng karapat-dapat na mga mag-aaral ay lumampas sa bilang ng nakareserbang mga lugar, ang pagkakasunod-sunod ng prayoridad para sa alokasyon ay ibabatay sa Net ng Band ng mga mag-aaral at ang kanilang walang pinipiling mga numero hanggang ang lahat ng nakareserbang mga lugar ay napunan.

Gayunman, maaring may mga kaso kapag ang mga mag-aaral ay hindi nakalaan sa feeder/nominadong paaalang pang-sekondarya:

(a) Ang mag-aaral ay hindi tinutupad ang kinakailangan ng Net ng Band;

(b) Ang mag-aaral ay hindi ginawa ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya na kanyang unang piniling paaralan sa Bahagi B "Limitadong mga Pagpili ng Paaralan" ng CA bilang kinakailangan;

(c) Ang karapat-dapat na feeder/nominadong P6 na mga mag-aaral ay hinigitan ang bilang sa nakareserbang mga lugar ng paaralan;

(d) Ang mag-aaral ay matagumpay na nakakuha ng lugar ng pagpapasya sa iba pang paaralang pang-sekondarya o inilaan ng isang lugar sa Bahagi A "Limitadong mga Pagpili ng Paaralan" ng CA; o

(e) Ang mag-aaral ay naaprubahan para sa cross-net na alokasyon.

**<u>Mga Paaralang "Through-train"</u>**

**(6) T Ano ang mga pagsasaayos ng admisyon sa S1 para sa isang mag-aaral sa P6 na nag-aaral sa isang "through-train" na paaralan?**

S Ang isang mag-aaral na P6 sa isang paaralang "through-train" ay pwedeng piliing magpatuloy sa naka-link na direktang paaralang sekondarya. Kung ang mag-aaral ay nag-apply para sa DP ng mga kalahok na sekondaryang paaralan o (mga) lugar ng S1 ng Direct Subsidy Scheme na mga paaralang sekondarya na hindi kasali sa Sistema ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Sekondaryang Paaralan (NDSS secondary schools) (hindi mahalaga kung magtagumpay o hindi), o lumalahok sa CA, siya ay hindi papayagang mapanatili ang karapatang magpatuloy nang direkta sa naka-link na paaralang sekondarya.

**(7) T Ang mga mag-aaral ng ibang paaralang primarya ay may pagkakataon ba na makapag-aral sa isang "through-train" na paaralang pang-sekondarya?**

S Lahat ng mga paaralang "through-train" ay kailangang sumunod sa prinsipyo na ang bilang ng mga lugar ng S1 sa isang naka-link na paaralang sekondarya ay dapay na sumobra sa bilang ng P6 sa naka-link nitong paaralang primarya upang ang mga mag-aaral ng ibang paaralang primarya ay maaaring matanggap sa pamamagitan ng pag-apply ng DP o pagsali sa CA. Ang "through-train" na paaralang sekondarya kapwa umiiral o bago, ay dapat magreserbe ng hindi bababa sa 15% ng kanilang kabuuang lugar ng S1, pagkatapos ng pagbawas ng mga umiilit na lugar sa pagtanggap ng mga mag-aaral ng ibang paaralang primarya sa pamamagitan ng aplikasyon sa DP o CA .

<u>**Mga Paaralang Sekondarya sa Direct Subsidy Scheme**</u>

**(8) T Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kung nais nilang ipadala ang kanilang mga anak sa isang Direktang Pagkakaloob ng Tulong (Direct Subsidy Scheme o DSS) na paaralang pang-sekondarya?**

S Dapat tandaan ng mga magulang na ang DSS na mga paaralang pang-sekondarya ay maaaring singilin ng bayad. Ang mga mag-aaral ay maaaring maitaguyod sa Sekondarya 4 (S4) sa kanilang sariling DSS na mga paaralang pang-sekondarya sa pagkumpleto ng Sekondarya 3 at hindi mailalagay nang gitna sa S4 sa iba pang mga paaralan na subvented ng Kawanihan ng Edukasyon (Education Bureau o EDB).

**(9) T Ano ang mga pagkakaiba sa mga kaayusan ng alokasyon sa pagitan ng nakikilahok na DSS na mga paaralang pang-sekondarya at gobyerno, tinulungan at caput na mga paaralang pang-sekondarya?**

S Ang mga kaayusan sa alokasyon para sa nakikilahok na DSS na mga paaralang pang-sekondarya at ang gobyerno, tinulungan at caput na mga paaralang pang-sekondarya ay halos pareho maliban na ang nakikilahok na DSS na mga paaralang pang-sekondarya ay maaaring magreserba nang higit sa 30% ng kanilang S1 na mga lugar bilang DP. Ang mga paaralan ay kinakailangan pa ring magreserba ng 10% ng mga lugar ng paaralan para sa CA para sa alokasyon sa ilalim ng Bahagi A "Walang limitasyong mga Pagpili ng Paaralan". Bukod dito, ang S1 na mga lugar ng nakikilahok na DSS na mga paaralang pang-sekondarya ay inilalaan sa isang prinsipyong "walang pagpipilian-walang alokasyon" sa Bahagi B "Limitadong mga Pagpili ng Paaralan" ng CA. Sa ibang salita, ang mga mag-aaral ay hindi ilalaan sa isang nakikilahok na DSS na mga paaralang pang-sekondarya maliban kung isinama nila ang paaralan bilang isa sa mga pagpipilian.

**(10) T Ano ang pamamaraan ng admisyon para sa mga NDSS secondary schools?**

S Para sa NDSS secondary schools, maaari nilang tanggapin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang sariling mga pamamaraan at iskedyul at hindi ilalaan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA. Walang limitasyon sa bilang ng mga ng NDSS secondary schools na maaaring aplayan ng mga mag-aaral, at ang admisyon ay batay sa pamantayan na itinakda ng mga paaralan. Ang NDSS secondary schools ay kinakailangang magsumite ng kanilang Matagumpay na mga Listahan ng Nakikilahok na mga Mag-aaral sa EDB sa pagtatapos ng Abril 2024. Ang mga mag-aaral na kasama sa Matagumpay na mga Listahan ng Nakikilahok na mga Mag-aaral ng NDSS secondary schools ay hindi ilalaan sa S1 na mga lugar ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, kabilang iyong mga pumili sa kanila bilang matagumpay na DP na mga aplikante.

**<u>Mga Mag-aaral na Hindi Nagsasalita ng Tsino</u>**

**(11) T Sa ilalim ng Sistema ng SSPA, ano ang mga kaayusan sa alokasyon para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino (Non-Chinese Speaking o NCS)?**

S Ang lahat ng karapat-dapat na mga mag-aaral, hindi alintana ang kanilang mga lahi o mga lugar ng kapanganakan, magtamas ng pantay na mga pagkakataon para sa admisyon sa mga paaralang pampublikong sektor sa ilalim ng Sistema ng SSPA, na patas at malinaw. Sa ibang salita, ang lahat ng karapat-dapat na mga mag-aaral (kabilang ang NCS na mga mag-aaral) ay ilalaan ang isang S1 na lugar alinsunod sa parehong mekanismo. Ang mga mag-aaral ay maaaring mag-aplay sa anumang dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa yugto ng DP. Para sa pagpili sa yugto ng CA, maaari rin silang pumili ng lubusan ng tatlong mga paaralang pang-sekondarya mula sa anumang mga net ng paaralan sa Bahagi A at isang lubusan ng 30 mga paaralang pang-sekondarya sa kanilang sariling net na paaralan sa Bahagi B ayon sa kanilang mga kagustuhan.

**(12) T Sa ilalim na umiiral na kaayusan ng alokasyon, paano dapat gumawa ng mga pagpili ng paaralan ang NCS na mga mag-aaral?**

S Ang mga magulang (kabilang ang mga magulang ng NCS na mga mag-aaral) ay dapat isaalang-alang ang lahat ng mga aspeto ng isang paaralan, hal. ang pilosopiyang pang-edukasyon, kultura, relihiyon, istraktura ng klase, pagpapaunlad at pagpapatakbo, at mga katangian, pagkatao, kakayahan at interes ng kanilang mga anak upang makagawa ng angkop na pagpipili ng paaralan. Ang mga magulang ay maaaring humingi ng payo mula sa mga paaralang primarya na pinapasukan ng kanilang anak, bumisita sa homepage ng paaralan para magkaroon nga mas mabuting pang-unawa. Upang matulungan ang mga magulang ng NCS na mga mag-aaral sa pagpili ng mga paaralan sa pampublikong sektor, ang EDB ay naglabas ng impormasyon sa admisyon sa mga paaralan sa pangunahing mga wika ng iba't ibang mga lahi. Maliban pa, may ilang nakatuong mag sesyon sa pagbibigay impormasyon na may kasabay na mga serbisyo sa interpretasyon ay ginagawa bawat taon para sa mga magulang ng NCS na mga mag-aaral.

Upang matulungan ang mga magulang ng NCS na mga mag-aaral na gumawa ng mga pagpili ng paaaralan para sa kanilang mga anak, inilathala ng Komite sa Tahanan-Paaralan na Kooperasyon ang Ingles na bersyon ng Mga Profile ng Paaralang Pang-

sekondarya para mapadali sa mga magulang ng NCS na mag-aaral na makakuha ng kaugnay na impormasyon ng paaalan. Ang lahat ng mga paaralang pang-sekondarya na tumatanggap sa NCS na mga mag-aaral at nabibigyan ng karagdagang pondo ay kinakailangang magtukoy sa Mga Profile ng Paaralang Pang-sekondarya ang karagdagang mga hakbang sa suporta ng mga paaralan para sa pagpapahusay ng kaalaman ng NCS na mga mag-aaral ng Tsino at ang paglikha ng isang kabilang na kapaligiran sa pag-aaral sa mga paaralan.

**(13) T Ano ang mga hakbang sa suporta para sa NCS na mga mag-aaral na ibinigay ng EDB upang mapadali ang kanilang pag-aaral ng Tsino?**

S Ang Pamahalaan ay nakatuon sa paghikayat at pagsuporta sa pagsasama-sama ng NCS na mga mag-aaral sa komunidad, kabilang ang pagpapadali sa kanilang maaagang pakikibagay sa lokal na sistema ng edukasyon at karunungan sa wikang Tsino. Napatupad ng EDB ang isang serye ng mga hakbang ng suporta simula 2014 na kinabibilangan ng pagpapatupad ng " Balangkas ng Pag-aaral sa Kurikulum ng Wikang Tsino sa Ikalawang Wika" sa primary at pang-sekondaryang mga paaralan, ang malaking pagtaas ng karagdagang pondo sa mga paaralan maging ang pagbibigay ng mga mapagkukunan ng pag-aaral at pagtuturo, pagsasanay ng guro at propesyonal na suporta sa mga paaralan, sa gayon pinalalakas ang suporta para sa NCS na mga mag-aaral upang matutunan ang Tsino at ang paglikha ng isang kasamang kapaligiran sa pag-aaral. Bukod dito, ipinatupad ng EDB ang ibang karagdagang mga hakbang, kabilang ang paghihikayat sa mga magulang ng NCS na mga bata upang i-enrol ang kanilang mga anak sa lokal na kindergarten para sila ay aangkop sa lokal na sistema ng edukasyon at upang ilantad sila sa pag-aaral ng wikang Tsino sa lalong madaling panahon; pagbibigay ng mga programa sa pag-iipon sa tag-init upang matulungan ang NCS na mga mag-aaral sa primaryang lebel na umangkop sa mga setting ng silid-aralan at pagsamahin ang kanilang pag-aaral ng Tsino at ang primaryang mga lebel; pagbibigay ng batay sa paaralan na mga serbisyo sa pagpaplano sa buhay na suporta sa edukasyon at pag-aayos ng mga aktibidad sa paghahanap ng karera upang mapadali ang kanilang paghahanda para sa karagdagang mga pag-aaral at mga pagtataguyod sa karera; at binigyan ang magulang ng mga programa ng edukasyon lalo na sa mga magulang ng NCS na mga mag-aaral kaya susuportahan at hihikayatin nila ang kanilang mga anak upang matutunan ang wikang Tsino maging ang pagtamo ng mas mabuting pang-unawa sa maramihang mga daan na magagamit ng kanilang mga anak, atbp.

Para sa mga detalye ng mga hakbang sa suporta, mangyaring bumisita sa webpage ng EDB.

Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar ng Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon
Setyembre 2023